



ANG LUMANG KABAN

ni: **ADRIANNE GALE R. PAMPOSA**

Sa isang maliit na baryo, naninirahan si Tomas, isang binatang masipag ngunit hindi marunong makuntento. Pangarap niyang yumaman agad upang hindi na maranasan ang hirap ng buhay. Araw-araw siyang naghahanap ng pagkakakitaan, ngunit sa tuwing maliit lamang ang kanyang kinikita, lagi siyang nagrereklamo. Isang hapon, habang pumuputol siya ng kahoy sa gubat, narinig niya ang usapan ng dalawang matanda tungkol sa isang lumang kaban na sinasabing nakabaon sa ilalim ng isang napakalaking puno. Ayon sa kuwento, ang kaban ay puno raw ng ginto at walang sinumang nakahanap nito. Mula noon, iyon na lamang ang laman ng isip ni Tomas. Hindi na siya nakapagtrabaho nang maayos dahil ang tanging gusto niya ay makita ang kaban at yumaman sa isang iglap.

Kinabukasan, maaga siyang nagtungo sa gubat dala ang pala, lubid, pagkain, at tubig. Halos buong araw siyang naghukay sa iba't ibang bahagi ng gubat ngunit wala siyang nakita. Kinabukasan ay bumalik siya at mas lalo pang lumalim ang kanyang paghuhukay. Lumipas ang ilang araw ngunit wala pa rin siyang natatagpuan. Unti-unti nang nauubos ang kanyang pagkain at lakas, ngunit hindi siya sumuko. Kahit masama ang panahon at malakas ang ulan, ipinagpatuloy pa rin niya ang paghahanap. Dumating sa puntong ipinagbili niya ang kanyang bangka at ilang gamit sa bahay upang may pambili ng mga bagong kagamitan sa paghuhukay. Pinayuhan siya ng kanyang mga kapitbahay na tumigil na dahil baka alamat lamang iyon,

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010

Volume VIII, Issue I

August 2026

Available online at <https://www.instabrightgazette.com>



ngunit hindi siya nakinig. Para kay Tomas, mas mahalaga ang inaasam na kayamanan kaysa sa anumang mayroon siya.

Makalipas ang maraming linggo, napadpad siya sa ilalim ng pinakamalaki at pinakamatandang puno sa gubat. Buong lakas niya itong hinukay hanggang sa gumuho ang malambot na lupa. Sa sobrang pananabik, hindi niya napansing unti-unti na ring bumibigay ang lupa sa kanyang kinatatayuan. Bigla siyang nahulog sa malalim na hukay na siya mismo ang naghukay. Pilit siyang umahon ngunit patuloy na gumuguho ang lupa at wala nang makarinig sa kanyang paghingi ng tulong. Doon niya napagtanto na habang hinahabol niya ang kayamanan hindi tiyak na totoo, unti-unti naman niyang nawala ang mga bagay na tunay na mahalaga—ang kanyang kabuhayan, oras, at pagkakataong mamuhay nang payapa. Hindi kailanman natagpuan ang sinasabing kaban. Ang tanging naiwan sa ilalim ng lumang puno ay ang hukay na ginawa ng kasakiman at ang aral na ang labis na paghahangad sa kayamanan ay maaaring maging daan sa sariling kapahamakan.

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
